Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPU'T TATLO (43RD) PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG HUNYO 8, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-nakadalo :

Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay, O.B.

KAUTUSAN BLG. 2026-2494

KAUTUSAN NA NAGBABAWAL SA PAG-INOM NG ALAK, MGA NAKALALASING NA INUMIN, AT IBA PANG INUMING MAY ALKOHOL SA MGA PAMPUBLIKONG LUGAR SA LOOB NG NASASAKUPAN NG BAYAN NG LOS BAÑOS, LALAWIGAN NG LAGUNA, AT NAGTATAKDA NG MGA PARUSA SA PAGLABAG DITO.

May Akda : Kgg. Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, itinatakda sa Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o ang "Local Government Code of 1991" na ang bawat lokal na pamahalaan ay dapat gumamit ng mga kapangyarihang hayagang ipinagkaloob dito, gayundin ng mga kapangyarihang kinakailangang kaakibat nito, at yaong mga kinakailangan, naaangkop, o incidental para sa mahusay at mabisang pamamahala at pagtataguyod ng pangkalahatang kapakanan;

SAPAGKAT, saklaw ng mga lokal na pamahalaan sa kani-kanilang nasasakupan ang pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan, pangangalaga sa buhay, kalayaan, at ari-arian, at pagpapanatili ng kaginhawahan at kaayusan ng kanilang mga mamamayan;

SAPAGKAT, noong ika-4 ng Mayo 2026, tinanggap ng Sangguniang Bayan ang liham-endorso mula sa Punong Bayan, Kgg. Mayor Neil Andrew N. Nocon, na nagpapadala ng magkasanib na mga Resolusyon ng Municipal Peace and Order Council (MPOC) at Municipal Anti-Drug Abuse Council (MADAC) para sa kaukulang aksyong lehislatibo;

SAPAGKAT, kabilang sa mga iniendorsong resolusyon ang Joint MPOC and MADAC Resolution No. 2026-05 na pinamagatang: "Resolution Earnestly Requesting the Honorable Sangguniang Bayan of Los Baños, Laguna for the Enactment of a Municipal Ordinance Banning the Drinking of Liquor and Other Intoxicating Beverages in Public Areas, Amending for this Municipal Ordinance No. 94-08, in Compliance with DILG Memorandum Circular No. 2026-029 and the 'Safer Cities Initiative'";

SAPAGKAT, inilunsad ng Department of the Interior and Local Government (DILG) ang "Safer Cities Initiative" upang tugunan ang karamihan sa mga krimeng nagaganap sa mga urbanong lugar at mapataas ang tiwala at presensya ng mga lokal na tagapagpatupad ng batas;

SAPAGKAT, alinsunod sa DILG Memorandum Circular No. 2026-029, mahigpit na hinihikayat ang mga Lokal na Pamahalaan (LGUs) na ipatupad ang pagbabawal sa pampublikong paglalasing at pag-inom sa mga lansangan sapagkat ang mga gawaing ito ay kinikilalang pangunahing sanhi ng kaguluhan, rambulan, panliligalig, kriminalidad, at iba pang hindi maayos na asal sa publiko;

SAPAGKAT, naunang nagpasa ang Sangguniang Bayan ng Los Baños ng Ordinance No. 1994-08 na pinamagatang: "An Ordinance Prohibiting Persons from Drinking Any Kind of Liquors, Wines, Beers and Other Distilled Spirits in Any Public Places, Street and Pathways in Los Baños and its Fourteen Barangays";

SAPAGKAT, ang Municipal Ordinance No. 1994-08 ay nagtatakda ng ilang regulasyon hinggil sa asal sa publiko subalit kinakailangang amyendahan at paigtingin upang umayon sa mas mahigpit na pamantayan sa kaligtasan at pagpapatupad na itinataguyod ng pambansang pamahalaan;

SAPAGKAT, kinikilala ng Sangguniang Bayan ng Los Baños ang kahalagahan ng pagpapanatiling ligtas ng mga pampublikong lugar laban sa panganib sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga hakbang na naglalayong pigilan ang kriminalidad, kaguluhan, pampublikong istorbo, imoralidad, at iba pang gawaing nakaaapekto sa kaligtasan at kapakanan ng publiko;

SAPAGKAT, kinakailangan ang komprehensibong pagbabawal sa pag-inom sa mga pampublikong plasa, parke, kalsada, bangketa, eskinita, basketball court, waiting shed, at iba pang lugar na bukas at naaabot ng publiko upang mapanatili ang disiplina sa komunidad at matiyak ang mas ligtas at maayos na kapaligiran para sa lahat ng residente at bisita ng Los Baños;

SAPAGKAT, kinikilala ng Pamahalaang Bayan ng Los Baños na nagiging mas ligtas ang mga pamayanan kapag ang mga pampublikong lugar at lansangan ay malaya sa mga lasing na tao at mga pagtitipong nagdudulot ng kaguluhan sa kaayusan at seguridad ng publiko;

SAPAGKAT, matapos ang masusing pag-aaral at deliberasyon, nakita ng Sangguniang Bayan na kinakailangang paigtingin at amyendahan ang umiiral na mga regulasyong nagbabawal sa pag-inom ng mga nakalalasing na inumin sa mga pampublikong lugar at kahalintulad na lugar sa loob ng Bayan ng Los Baños;

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan nina Kgg. Miko C. Pelegrina at Rand Edouard R. De Jesus, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. **PAMAGAT.** Ang Kautusang ito ay makikilala at tatawaging "Kautusan Laban sa Pampublikong Paglalasing sa Bayan ng Los Baños, Laguna."

SEKSYON 2. **PAHAYAG NG POLISIYA.** Ipinahahayag ng Pamahalaang Bayan ng Los Baños ang polisiya nitong pangalagaan at itaguyod ang pampublikong kalusugan, panatilihin ang kapayapaan at kaayusan, pangalagaan ang kaligtasan ng publiko, at tiyaking ang mga pampublikong lugar ay malaya sa paglalasing, magulong asal, at mga kaguluhang dulot ng pag-inom ng alak sa mga pampublikong lugar.

SEKSYON 3. **SAKLAW.** Ang Kautusang ito ay sasaklaw sa lahat ng tao sa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Los Baños, Laguna.

SEKSYON 4. **KAHULUGAN NG MGA TERMINO.** Para sa layunin ng Kautusang ito, ang mga sumusunod na termino ay binibigyang-kahulugan:

a. "Alak" – tumutukoy sa anumang distilled o fermented na inuming may alkohol na nilalayong inumin ng tao, kabilang ngunit hindi limitado sa gin, rum, whisky, vodka, brandy, tequila, lambanog, beer, alak, at iba pang kahalintulad na inuming nakalalasing.

b. "Inuming May Alkohol" – tumutukoy sa anumang inumin na naglalaman ng alkohol na nilalayong inumin ng tao, maging ito man ay distilled, fermented, brewed, o halo-halong inumin, kabilang ngunit hindi limitado sa beer, alak, gin, rum, whisky, vodka, brandy, tequila, lambanog, cocktail, at iba pang kahalintulad na inuming nakalalasing.

k. "Nakalalasing na Inumin" – tumutukoy sa mga inuming may alkohol at iba pang kahalintulad na inumin o substansiya na maaaring makapagpahina o makaapekto sa pisikal, mental, emosyonal, o asal na kakayahan ng isang tao kapag nainom.

d. "Mga Pampublikong Lugar" – tumutukoy sa mga lugar na bukas, naaabot, o malayang napupuntahan ng publiko, maging ito man ay pag-aari ng pamahalaan o pribado, kabilang ngunit hindi limitado sa mga pampublikong lansangan, pambansang kalsada, mga kalsada ng barangay, bangketa, eskinita, daanan, parke, plasa, palaruan, basketball court, waiting shed, pamilihan, terminal ng sasakyan, paaralan, gusali ng pamahalaan, health center, at iba pang kahalintulad na lugar na dinaraanan, pinagtitipunan, o napupuntahan ng publiko.

SEKSYON 5. **MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.** Ang mga sumusunod na gawain ay idinedeklarang labag sa batas sa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Los Baños:

a. Pag-inom, paglagok, o pagkonsumo ng alak, nakalalasing na inumin, o anumang inuming may alkohol sa mga pampublikong lugar gaya ng tinutukoy sa Seksyon 4 ng Kautusang ito;

b. Pagdadala o paghawak ng bukas na bote, lalagyan, lata, o kahalintulad na sisidlan na naglalaman ng alak o nakalalasing na inumin habang nananatili, tumatambay, o naglalakad sa mga pampublikong lugar para sa layunin ng pampublikong pag-inom;

k. Pagsasagawa o pakikilahok sa mga inuman, pagtitipon, o kahalintulad na gawain na may kinalaman sa pag-inom ng alak o nakalalasing na inumin sa mga pampublikong lugar;

d. Pagdudulot ng kaguluhan, takot, istorbo, magulong asal, labis na ingay, pagharang sa daanan, o paglabag sa kapayapaan habang nasa impluwensya ng alak o nakalalasing na inumin sa mga pampublikong lugar;

e. Pag-inom o pagkonsumo ng alak o nakalalasing na inumin sa loob o agarang paligid ng mga paaralan, tanggapan ng pamahalaan, health center, simbahan, parke, palaruan, basketball court, waiting shed, at iba pang kahalintulad na pampublikong pasilidad, maliban kung may kaukulang pahintulot o nakasulat na awtoridad mula sa Punong Bayan para sa legal na pampublikong gawain o aktibidad;

g. Pagpapahintulot, pagtitiis, o pagpayag sa pampublikong pag-inom ng alak o nakalalasing na inumin sa mga lugar na bukas at naaabot ng publiko ng mga may-ari, operator, administrador, o taong nangangasiwa sa mga establisimyento o lugar, maliban kung pinahihintulutan ng batas o ng permit na ibinigay ng Pamahalaang Bayan; at

h. Pagbili o pagbebenta ng alak o nakalalasing na inumin lampas sa mga oras na itinakda ng umiiral na batas, kautusan, o kautusang ehekutibo ng Pamahalaang Bayan.

SEKSYON 6. **MGA EKSEMPSIYON.** Hindi sasaklawin ng Kautusang ito ang mga sumusunod:

a. Mga gawaing panrelihiyon, pangkultura, pansibiko, panturismo, o gawaing inisponsor ng pamahalaan na may kaukulang nakasulat na permit o pahintulot mula sa Punong Bayan;

b. Mga lisensyadong restoran, bar, resort, hotel, at iba pang kahalintulad na establisimyento na pinahihintulutang maghain ng mga inuming may alkohol sa loob ng kanilang lugar; at

k. Mga pribadong tahanan at pribadong ari-ariang hindi bukas o naaabot ng pangkalahatang publiko.

SEKSYON 7. **PAGPAPATUPAD.** Ang Philippine National Police (PNP), Public Order and Safety Office (POSO), mga Opisyal ng Barangay, Barangay Tanod, at iba pang awtorisadong tagapagpatupad ng batas ay inaatasang mahigpit na ipatupad ang mga probisyon ng Kautusang ito.

SEKSYON 8. **MGA PARUSA.** Sinumang mapatunayang lumabag sa alinmang probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

a. Unang Paglabag – Multang Isang Libong Piso (Php 1,000.00);

b. Ikalawang Paglabag – Multang Isang Libo at Limang Daang Piso (Php 1,500.00);

k. Ikatlo at mga Sumasunod pang Paglabag – Multang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php 2,500.00) o pagkakakulong nang hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o parehong multa at pagkakakulong ayon sa pagpapasya ng Hukuman.

Sa ikatlo at mga susunod pang paglabag, bukod sa mga umiiral na multa at/o pagkakakulong na nakasaad sa Kautusang ito, maaaring ipag-utos ng hukuman ang pagsasagawa ng community service bilang karagdagang o alternatibong kaparusahan, alinsunod sa mga umiiral na batas at regulasyon.

Kung ang lumabag ay isang establisimyento o entidad na napatunayang nagpapahintulot o nagtitiis sa paglabag sa loob ng kanilang lugar o saklaw ng kanilang pamamahala, maaaring magpataw ang Pamahalaang Bayan ng kaukulang administratibong parusa, kabilang ang pagsuspinde o pagbawi ng permit, alinsunod sa due process at umiiral na mga batas, tuntunin, at regulasyon.

SEKSYON 9. **SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung ang alinmang probisyon ng Kautusang ito ay ideklarang labag sa Saligang Batas o walang bisa, ang iba pang probisyong hindi apektado nito ay mananatiling ganap na may bisa at umiiral.

SEKSYON 10. **SUGNAY NG PAGPAPAWALANG BISA.** Ang lahat ng mga kautusan, resolusyon, kautusang ehekutibo, tuntunin at regulasyon, o bahagi nito na sumasalungat sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang-bisa, inaamyendahan, o binabago alinsunod dito.

SEKSYON 11. **PAGKAKABISA.** Magkakabisa ang Kautusang ito matapos makumpleto ang mga kinakailangan sa paglalathala at pagpapaskil alinsunod sa batas.

PINAGTIBAY : Hunyo 8, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONNA T. ALBORIDA – DIZON
Kalihim para sa Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO PJ A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan